



Student/Registration Number

Centre Number

2005 PUBLIC EXAMINATION

Filipino

Continuers Level

Wednesday 19 October: 2 pm Eastern Standard Time

Reading Time: 10 minutes

Working Time: 2 hours and 50 minutes

- *You have 10 minutes to read all the papers and to familiarise yourself with the requirements of the questions. You **MUST NOT** write during this time.*
- *Monolingual and/or bilingual printed dictionaries may be consulted during the reading time and also during the examination.*

Section 1: Listening and Responding (30 marks)

Instructions to Students

1. Allow approximately 50 minutes for Section 1.
2. Write all your answers to the questions in Section 1 in this booklet in blue or black ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
3. You must answer ALL questions in Part A and Part B.
4. Answer Part A in ENGLISH and Part B in FILIPINO.
5. Write your student/registration number and the centre number (if required) on the front cover of this booklet.
6. All question booklets will be collected at the end of the examination.

This examination is used for the HSC (New South Wales), the NTCE (Northern Territory), the SACE (South Australia), the TCE (Tasmania), the VCE (Victoria), and the WACE (Western Australia).

Part A

20 marks

Attempt Questions 1–5

When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:

- *understand general and specific aspects of texts by identifying and analysing information and convey the information accurately and appropriately*
-

You will hear FIVE texts. Each text will be played twice. There will be a short break between the first and second playings in which you may make notes.

Listen carefully to each text and then answer the questions in ENGLISH.

	Marks	You may make notes in this space.
Text 1		
1. What attracts the attention of listeners to this announcement?	2	
<hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/>		
Text 2		
2. What is the main purpose of playing this pre-recorded message at the annual Filipino Fiesta?	1	
(A) To remind the audience of the speaker's last visit	<input type="checkbox"/>	
(B) To encourage the Filipino community in Australia to remain proud of who they are	<input type="checkbox"/>	
(C) To raise awareness that there are many Filipinos living in Australia	<input type="checkbox"/>	
(D) To congratulate the Filipino community on its history and culture	<input type="checkbox"/>	

Text 3

Marks

You may
make notes in
this space.

3. (a) Why is the speaker delivering a speech on this occasion?

1

(b) How is the attitude of the speaker towards her parents reflected in the language she uses? Support your answer with reference to the text.

3

Text 4

Marks

You may
make notes in
this space.

4. (a) What do we learn about Del and Robert based on this conversation?

2

(b) Has Dennis made the right decision? Justify your answer based on this conversation.

4

Text 5

Marks

You may make notes in this space.

5. (a) How did Paulina become interested in ballroom dancing?

2

(b) What makes Johnny Cruz such an excellent interviewer?

5

Part B

10 marks

Attempt Questions 6–7

When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:

- *understand general and specific aspects of texts by identifying and analysing information*
 - *convey the information accurately and appropriately*
-

You will hear TWO texts, one relating to Question 6 and one relating to Question 7. Each text will be played twice. There will be a short break between the first and second playings in which you may make notes.

Listen carefully to each text and then answer the questions in FILIPINO.

Text 6	Marks	You may make notes in this space.
<p>6. How does the speaker achieve his purpose? Paano naisatupad ng nagtatalumpati ang kanyang layunin?</p> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/>	3	

Text 7

Marks

You may
make notes in
this space.

7. (a) Where is this conversation taking place?
Saan nagaganap ang pag-uusap na ito?

1

- (A) In Rey's home
- (B) In Rey's garage
- (C) In Lola's eatery
- (D) In Lola's kitchen

(b) Why is Rey not successful in persuading his grandmother to change her mind?
Bakit hindi napasang-ayon ni Rey na baguhin ng lola niya ang kanyang iniisip?

6

End of Section 1

BLANK PAGE



Student/Registration Number

--	--	--	--	--	--	--	--	--	--	--	--

Centre Number

--	--	--	--	--	--	--

2005 PUBLIC EXAMINATION

Filipino

Continuers Level

Section 2: Reading and Responding (30 marks)

Instructions to Students

1. Allow approximately 1 hour and 15 minutes for Section 2.
2. Write all your answers to the questions in Section 2 in this booklet in blue or black ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
3. You must answer ALL questions in Part A and Part B.
4. Answer Part A in ENGLISH and Part B in FILIPINO.
5. Write your student/registration number and the centre number (if required) on the front cover of this booklet and on page 9.
6. All question booklets will be collected at the end of the examination.

This examination is used for the HSC (New South Wales), the NTCE (Northern Territory), the SACE (South Australia), the TCE (Tasmania), the VCE (Victoria), and the WACE (Western Australia).

Part A

20 marks

Attempt Questions 8–9

When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:

- *understand general and/or specific aspects of texts, by, for example, comparing, contrasting, summarising, or evaluating, and convey the information accurately and appropriately*

8. Read the text and then answer in ENGLISH the questions that follow.

Mahal kong Elise,

Sana'y natanggap mo 'yong isang 'postcard' na pinadala ko sa iyo. Sa aking pamamasyal sa lugar na ito noong isang araw, bigla na lamang bumalik sa aking isipan ang mga panahong tayo'y magkasamang naglalaro sa kakahuyan hanggang takip-silim. Naabot ko ang tuktok sa loob ng isa't kalahating oras at nakita mo sana ang itsura ng lambak mula sa bundok. Ito'y sadyang kaanya-anyaya. Ngunit habang ako'y nakatayo roon, lubos kong hinanap ang ating pagkakaibigan at napag-isip-isip ko kung gaano katagal na rin tayong magkalayo. Pinanood ko ang isang ibon sa kanyang paglipad ng pagkatayog-tayog sa himpapawid at ang kasunod na pagdapo nito sa isang puno. Ngunit parang hindi rin sapat and kanyang kalayaang lumipad nang lumipad dahil nakita kong siya ay malungkot. Sa aking pandinig, siya ay tumatawag, naghahanap ng kaibigang makakasama at makakausap.

Nag-aabang ng ating muling pagkikita,

Marie



Ms. E Kim
9 Coast Road, High Cliffs.
NSW 2999 Australia

P.S. Pakikumusta mo na lang ako sa iyong Itay at Inay at saka kay...alam mo na! (he he he). Pakiyakap mo na lang siya ng mahigpit para sa 'kin.

Question 8 continues on page 3

Question 8 (continued)

- (a) What is the relationship between the sender and the receiver of the postcard? **2**

- (b) Describe the emotions evident in the postcard. Support your answer with reference to the text. **4**

End of Question 8

9. Read the text and then answer in ENGLISH the questions that follow.

Sabi ni Tita Lita . . .

Ika – 16 Setyembre, 2005

Kumusta na kayo? Mga iho't iha, akalain niyo ba namang nakatanggap ako ng sulat mula sa isang lalaking higit na sa dalawampu't limang taong gulang. Hindi niya raw ako maintindihan. Sabi ko magbasa na lang siya ng iba. Si Tita Lita (nanunuya) ay sumusulat para lamang sa inyo.

Naku, punung-puno ang kahon ng sulat at alam natin lahat kung bakit. Sadya ngang 'bre' na naman ang panahon. Panahon ng pagsusulit.

Tingnan natin kung ano ang narito. Ah ito!

Unang sulat mula kay 'Frustrated':

Palaging 'mag-aral ka' ang bukambibig ng mga magulang ko. 'Kapag kumakain ka lang puwedeng tumigil.' Kahapon, napasukan ako ni Inay na natutulog sa aking lamesa. Ginising ako siyempre at sinabing ituloy ang pag-aaral. Tulong!

Mahal kong 'Frustrated',

Napakaraming mga magulang na ganyan at sang-ayon ako sa kanila. Magtatagumpay ka lang kung hindi ka matutulog. Magbaon ka ng maraming tsokolate habang nag-aaral at hindi na rin kailangang huminto para kumain.

Mula naman kay 'Heavy Metal':

Hilig ko ang malakas na tugtog at ayaw ng aking mga magulang. Kailangan ko ito. Kapag nakatutok ako sa pag-aaral, hindi ako naabala ng malakas na tugtog. Nakakabato ang katahimikan.

Mahal kong 'Heavy Metal',

Hilig ko rin ang 'heavy metal', mas malakas mas maganda. Kaya lang naiintindihan kong ang iba ay hindi pareho natin. Gusto nila ng katahimikan paminsan-minsan. Malay natin? Puwede naman ang 'ear phones'. Ingatan mo lang ang iyong mga tainga. Hindi magandang tingan ang naka- 'hearing aids'.

At ang huli ay galing naman kay 'Distraught':

Lahat ng kaibigan ko ay parang baliw sa kakaaral at pinag-uusapan namin palagi ang aming mga eksamen at iba pang takdang gawaing hinihingi ng guro. Paglabas ng mga resulta, naghahambing ng mga detalye. Pilit na inaalam ang bawat markang natanggap. Okay lang ako kaya lang nag-aalala ko sa sasabihin ng mga kaibigan ko paglabas ng huling mga resulta sa Disyembre. Iisipin kaya nilang ako ay palpak

Mahal kong 'Distraught',

Ang mga katapusang marka ay hindi batayan ng iyong pagkatao. Basta't magsikap ka lang. May minsang nagsabing ang huling taon ng iyong pag-aaral ay dapat maging pinakamasayang yugto ng iyong buhay!!

Question 9 continues on page 5

Question 9 (continued)

- (a) Explain what Tita Lita means by the 'bre' time of the year. 2

- (b) For whom does Tita Lita generally write her column? 1

- (A) People over 25
- (B) Year 12 students
- (C) Children with learning difficulties
- (D) Young people needing advice

- (c) How seriously does she take the letter from 'Frustrated'? In your answer, make specific reference to her response. 2

- (d) What are the issues raised in letters 1-3? 4

Question 9 continues on page 6

Question 9 (continued)

(e) What techniques does Tita Lita use to convey her message to her audience?

5

End of Question 9

BLANK PAGE

Part B

10 marks

Attempt Question 10

When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:

- *understand general and specific aspects of a text by identifying, analysing, and responding to information*
- *convey information coherently (structure, sequence, accuracy and variety of vocabulary and sentence structure) and appropriately (relevance, use of conventions of the text type)*

10. Read the text and then answer in 150–200 words in FILIPINO the question that follows.

**Mobile Phone: dapat bang ipagbawal?
Ni Ginang Andres**

Mga katoto, sino sa inyo ang walang mobile phone?

Sa panahong ito ng teknolohiya, halos lahat ay gumagamit ng mobile phone, sa kalye, paaralan o opisina. Hindi lang mga kabataan, kundi pati na rin si Lola.

Ito ay pakikipag-ugnayan na kasimbilis ng tsismis sa himpapawid, mahalaga sa pakikipagkalakalan. Isang pindot lang, ang SMS ay nakapaghahatid ng balita sa kabitbahay o kung saan mang lugar. Paano naman kung kailangang mag-text upang bumoto sa isang kompetisyon? Magastos!

May mga katangian tulad ng dihital na kamera, sari-saring impormasyon at

mapaglilibangan. Napakahirap namang gamitin. Walang bayad ang ilang serbisyo, ngunit mag-ingat lang sa pagpili ng 'plan'.

Nakakita na ba kayo ng mga nagbababad sa telepono habang nagmamaneho? May gumagamit pa ng SMS kahit ang kausap ay malapit lang naman. Sa haba ng listahan ng utang, halos hindi makabayad. Makasunod lang sa uso, hindi baleng maghirap at walang makain.

Ayon sa bantog na manggagamot na si Dr Lee, ito ay may 'Radio Frequency Radiation' (RFR), tagos sa ating kalamnan. Hihintayin pa ba natin na may mangyari? Dapat bang ipagbawal ang paggamit ng mobile phone?

In 150–200 words, write a letter to the editor in which you respond to the issues raised in this newspaper editorial.

Sa 150–200 na salita, sumulat ng liham sa patnugot upang tumugon sa mga nasabing isyu dito sa editoryal ng pahayagan.

You may make notes in this space.

Do not remove this page from the question booklet.

Student/Registration
Number

--	--	--	--	--	--	--	--	--	--	--	--	--	--

Filipino Continuers Level

Centre Number

--	--	--	--	--	--	--

Question 10

Blank writing area consisting of 25 horizontal lines.

End of Section 2

BLANK PAGE

BLANK PAGE



Student/Registration Number

--	--	--	--	--	--	--	--	--	--	--	--

Centre Number

--	--	--	--	--	--	--

2005 PUBLIC EXAMINATION

Filipino

Continuers Level

Section 3: Writing in Filipino (15 marks)

Instructions to Students

1. Allow approximately 45 minutes for Section 3.
2. Write your answer to a question from Section 3 in this booklet in blue or black ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
3. You must answer ONE question in FILIPINO.
4. Write your student/registration number and the centre number (if required) on the front cover of this booklet.
5. All question booklets will be collected at the end of the examination.

This examination is used for the HSC (New South Wales), the NTCE (Northern Territory), the SACE (South Australia), the TCE (Tasmania), the VCE (Victoria), and the WACE (Western Australia).

Total marks – 15

Attempt ONE question from Questions 11–12

When judging performance in this section, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates:

- *relevance and depth of treatment of ideas, information, or opinions*
 - *accuracy and range of vocabulary and sentence structures*
 - *the capacity to structure and sequence response and capacity to use conventions of the text type*
-

Answer ONE question from this section in 200–250 words in FILIPINO.

- 11.** You have been working in your first job for two months. Write a diary entry in which you reflect on this new chapter in your life.

Ikaw ay dalawang buwan nang namamasukan sa kauna-unahang pagkakataon. Sumalat ng isang talaarawan kung saan inihahayag mo ang iyong mga saloobin dito sa bagong yugto ng iyong buhay.

- 12.** Imagine that you are the Youth Liaison Officer of the new ‘Maharlika Regional Arts and Crafts Centre’ and you will address guests at the opening ceremony. Write the speech that you will give at the centre’s opening, in which you explain the strategies you will use to encourage young people to use this facility.

Magpalagay na ikaw ang opisyal ng mga kabataan, na kinatawan ng ‘Maharlika Regional Arts and Crafts Centre’. Ikaw ay haharap sa mga panauhin sa kauna-unahang pagbubukas nito. Sumulat ng isang talumpati na magpapaliwanag ng iba’t ibang paraan na iyong gagamitin upang himukin ang mga kabataan na gamitin ang pasilidad na ito.

You may make notes in this space.

BLANK PAGE

BLANK PAGE

BLANK PAGE



2005 PUBLIC EXAMINATION

Filipino

Continuers Level

Section 1: Listening and Responding

Transcript

Section 1, Part A

Text 1

News Item

(PA sound effects)

Isang Mahalagang Pahayag:

Panawagan sa lahat ng seryosong manlalaro ng tennis. Sa darating na Huwebes, mayroon kaming kaanya-anyayang handog sa inyo. Ang sikat na manlalarong si Agaton Maguhit ay dadalo sa ating ‘tennis centre’. Sa loob ng tatlong oras, ipapakita niya ang mga kilos pang-tennis na sa panaginip lang puwedeng matututunan ng maraming propesyonal na manlalaro, mga mahahalagang galaw na si Agaton lang ang makapagtuturo sa inyo. Ito ay magsisimula ng alas dos ng hapon hanggang alas singko. Halina’t minsan lang sa buhay ang pagkakataong ito. Bilang lang ang tickets kaya’t kung ayaw niyong maging mistulang tagapulot, ‘wag pahuhuli at magpalista kaagad.

Text 2

Narrative Account

Taos-pusong pagbati sa inyo mga kababayan at mga kaibigan dito sa taunang pagtatanghal ng Filipino Fiesta sa Australia. Noong isang taon, naging karangalan kong makadalo sa inyong pagdiriwang. Ako’y tuwang-tuwa sa lahat ng mga naganap. Kahanga-hangang tingnan ang inyong pagkakaisang magsikap upang maging matagumpay ang inyong kapistahan. Ngayon, pagkatapos ng isang taon, ako’y nagagalak at muli niyong naipakita ang mayaman at makulay na mga sangkap ng inyong kultura – mga pagkain at sari-saring mga paninda, mga sayawan, awitan at mga palaro.

Mabuhay kayong lahat!

Text 3

Speech

Sa aking ika-labingwalong kaarawan, araw ng aking 'debut', nais kong ipahayag ang aking taos-pusong pasasalamat sa inyo mga magulang ko na gumabay sa aking pagsibol tungo sa maunlad na kinabukasan.

Nagpapasalamat ako sa inyong sipag at tiyaga na hubugin ang aking murang isip at damdamin kahit minsan, matigas ang aking ulo. Kung minsa'y naiisip ko na kayo ay napakastrikta, ngunit alam ko na ngayon, ito ay para sa aking kabutihan.

Natuto akong magsumikap, gumalang at magkaroon ng matatag na kalooban. Handa na ba akong humarap sa iba't ibang pagsubok ng buhay? Sa itinanim ninyong pagmamahal at pagmamalasakit, siguradong-sigurado!

Text 4

ROBERT: Del, sino ba ang susunduin natin sa 'airport'?

DEL: Ang pinsan kong si Dennis at ang kanyang pamilya. Robert, buti na lang wala kang trabaho ngayon. Si kumpare mo kasi, may trabaho, hindi makasundo. Dito na titira ang pamilya ni Dennis. Matutuwa 'yon pag nakita ka. Nagdadalawang isip nga sila. Maganda kasi ang takbo ng kanilang negosyo sa ating probinsya.

ROBERT: O bakit gusto pa rin nilang umalis ng Pilipinas?

DEL: Alam mo naman sa atin, kailangan mong kumayod ng husto kung talagang gusto mong guminhawa ang iyong buhay. Sa dami ng kanilang inaasikaso, halos wala na silang oras para sa kanilang mga anak. Tuloy, napabarkada sila at nawalan ng ganang mag-aral. Panay nga ang tawag sa 'kin ni Dennis at nagtatanong kung anong dapat gawin.

ROBERT: Mahirap ang magsimulang muli. Kaya lang maganda rin siguro para sa kanila ang mag-iba upang makahinga-hinga rin. Kapag makahanap ng bagong mga kaibigan ang mga anak nila, ayos na rin 'yon. Isa pa, nandito lang naman ang pamilya ko't pamilya mo.

DEL: Ay! Dumating na pala ang eroplano. Maraming salamat uli ha. Ikaw na lang palagi ang inaasahan namin tuwing may kailangan kami.

ROBERT: At pati rin sila makakaasa.

Text 5

Radio Interview

[Fading music or theme of the program]

JC: Mabuhay, ito ang inyong programa Radio 3LP. Ako po si Johnny Cruz at kasama ko ang isa sa ating pinakasikat na mga artista, Paulina Dizon. Maraming salamat sa pagdalo mo rito. Alam ko namang bising-bisi ka at hindi mahilig makipagpanayam. Kaya lang, matagal ka na naming hindi nakikita at lahat ng iyong mga taga-hanga, kabilang na ako, gustong malaman kung ano na ang iyong pinagkakaabalahan ngayon.

PAULINA: 'Ballroom dancing'.

JC: Uy Binibining Dizon, akala ko ito'y para lang sa mga taong mas matanda sa iyo ng tatlong ulit. Pero kung 'kuwela' nga ba ito sa 'yo, siguradong 'kuwela' rin ito sa mga tagapakinig.

PAULINA: Oy salamat!

JC: (Pause) Sabihin mo nga sa 'min kung bakit ka ginanahan sa 'ballroom dancing'.

PAULINA: Dati-rati, pumupunta ako sa 'gym' hanggang tinamad na ako.

JC: Nakakasawa rin ano?

PAULINA: Ay talaga! Natuklasan ko pagkatapos ng klase na nagbo-'ballroom dancing' sila. Ang ganda tingnan. Nakisayaw din ako at 'yon nahilig. Naghahanda nga ako't isasama ko'ng mga bago kong natutunang sayaw sa aking susunod na palabas. Patuloy ang pagdami ng mga taong naloloko sa 'ballroom dancing'.

JC: Tamang-tama! 'Paulina Dizon - Tagapagsimula ng bagong uso.'

PAULINA: Ewan lang! Hindi ko alam ang tungkol diyan Johnny! Puwede ba kitang tawaging Johnny?

JC: Aba siyempre, kung puwede kitang tawaging Paulina at saka baka puwedeng magpa-'autograph' para sa babae kong anak. Bukod sa 'kin, isa siya sa mga tunay mong tagahanga. (Pause) Mga tagapakinig, 'wag kayong aalis at tayo'y magbabalik sa ilang saglit tungkol sa bagong palabas ni Paulina Dizon.

[Music fades in and out]

Section 1, Part B

Text 6

Message

Magandang hapon mga mag-aaral sa ika-labing dalawang baitang. Sa inyong pagtatapos, nais kong ipaalam ang aking natutunan sa buhay sa maraming taon ng paglalaro ng golp.

- 1 Ang landas na inyong pipiliin ay napakahalaga. Pumili ng tamang bola at 'club'.
- 2 Maglaro ayon sa mga tuntunin.
- 3 Magkakaroon ng maraming suliranin, subalit ang pagsuko ay hindi ang tamang paraan.

Text 7

Conversation

(A car horn is heard in the background)

- LOLA: Teka muna Rey! Huwag kang masyadong magmadali, at mayroon akong sasabihin sa iyo.
- REY: Ano po yon Lola? Kailangan ko nang umuwi.
- LOLA: Maupo ka muna. Mayroon akong magandang balita. Napagpasiyahan kong magtayo ng karinderia upang makatulong sa panggastos ng mga magulang mo.
- REY: Naku! Lola! Mukhang medyo may kahirapan ang naiisip ninyong gawin, sapagkat, dito sa Australya, hindi puwedeng basta na lang magtayo ng kainan. Hindi ganong kadali.
- LOLA: Anong pinagsasabi mo? Gusto ng lahat ang luto ni Lola. O, tikman mo. Mga mesa't upuan sa garahe puwede na.
- REY: Hindi pagkain o mga upuan ang problema Lola. Masarap talaga ang luto niyo. Kaya lang hindi puwedeng magtatag ng negosyo ng walang pahintulot mula sa mga awtoridad. Mahigpit ang mga batas dito Lola.
- LOLA: Marami ring striktong batas sa atin pero hindi iyon nakapaghinto sa akin. Bahala na ang tatay mo sa mga bagay-bagay na iyan. Mahusay siyang umingles. Napakadali lang ng iniisip ko. Handa na'ng lahat ng pagkain bago dumating ang mga parokyano. Iinitin na lang natin ang kanilang kakainin.
- REY: Kailangan pa rin pong kumuha ng pahintulot at paano po ang mga kapit-bahay? Hindi nila magugustuhan ang amoy ng bagoong.
- LOLA: Naloloko ka na talaga! Walang pakialam ang mga iyon! Hindi naman ako kinakausap ng mga 'yan a? Aba! Paano ako magluluto ng pakbet at kare-kare na walang bagoong? Sa tingin ko ayaw mong makatulong ako sa tatay mo.